

Buong Teksto

LUB-DUB, LUB-DUB

Ayon kay Mari, si Doktora Fe ay may mabuting puso at hindi na kailangan ng stethoscope para patunayan ito. Alamin at patunayan natin kung bakit nasabi ni Mari iyon tungkol kay Doktora Fe.

Ang kwento natin ngayon, *Lub-dub, Lub-dub*, ay isa sa mga kuwentong kabilang sa seryeng, *Ang Mga Kuwento ng Makabagong Bayani* ng Sandaang Salaysay. Inilathala ng The Bookmark, Inc., orihinal na isinulat sa Ingles ni Russell Molina at salin sa Filipino nina Joanah Pauline L. Macatangay, at babasahin ni Elizabeth S. Alindogan.

“Ate! Ate!”

Sa tuwing sinusubukan kong umalis ng bahay, pinababalik ako ni Nanay. “Ate, dito ka muna at alagaan mo’ng kapatid mo.”

Naiinis ako sa kapatid ko. Kakaiba siya.

Ang mga batang kasing-edad niya ay nakapagsasabi na ng “Poo-poo, Nana.” Ang iba namang mga batang kasinlaki niya’y nakapagsasalita na ng “Wee-wee, Dada.” Samantalang ang kapatid ko, hindi makabigkas ni isang kataga.

Hindi siya nakapagsasalita.

Kakaiba siya.

Ano’ng problema niya? Hindi ko alam. “Siguro, dinukot ng duwende ang dila mo!” Lagi kong biro sa kanya. Pinandidilatan ako ni Nanay sa tuwing sinasabi ko iyon.

Isang araw, dinala namin ang kapatid ko sa ospital para sa mga bata. Nakangiting binati kami ng isang matandang babae. “D...r...Fe...del...Mundo.” Binasa ko ang nakasulsing pangalan niya sa kanyang puting coat. “Mahusay!” wika niyang sinabayan ng mga munting palakpak, “pero puwede mo akong tawaging Doktora.”

“Ikaw? Ano’ng pangalan mo?” tanong niya sa akin. “Rina po,” tugon ko, “pero tinatawag po nila akong Ate.” “At ikaw?” sabay ngiti ng doktor sa aking nakababatang kapatid. “Siya po si Marie.” ako na ang sumagot para sa kaniya. “Hindi po siya nakapagsasalita. Kakaiba po siya.”

Nakasuot ng malaki at bilugang salamin si Doktora. Naisip kong marahil nakikita niya ang lahat gamit ang mga salaming iyon. Inilabas niya ang maliit na flashlight at isang popsicle stick.

“Ahhhhhhhhhhh,” panghihikayat niya kay Marie na maglabas ng dila. Gamit ang flashlight, sumilip siya sa loob ng bibig ni Marie.

Pagkatapos, tiningnan niya ang loob ng tainga at ilong ni Marie. Tiningnan niya pati ilalim ng mga mata ni Marie. “May nakita po ba kayong duwende?” pag-uusisa ko sa kaniya. Natawa siya. Pinandilatan ako ni Nanay.

“Kailangan po ninyong ibalik dito si Marie para sa iba pang mga pagsusuri,” sabi ng doktor sa aking ina. “Puwede ka ring sumama, Ate,” sabi niyang sabay kindat sa akin, “kung sakaling magpakita ang duwende.”

Habang binabagtas namin ang pasilyo, may itinurong nakapaskil na larawan sa pader si Marie. Makikita ang kislap sa mga mata ni Doktora habang inaayos niya ang kanyang

salamin, “Tama ka, Marie, ako nga iyang nasa larawan.” Maraming retrato ang doktora na may kargang bata sa kanyang bisig.

“Inalagaan n’yo po ba ang lahat ng batang iyan?” tanong ko sa kaniya. “A, oo,” sabay tango, “mahilig akong mag-alaga ng maliliit na batang katulad mo. Natutuwa akong makita silang lumalaki nang malusog at malakas.” Nakapag-alaga na raw si Doktora na daan-daang batang maysakit. Nagpupunta rin siya sa malalayong lugar na walang ospital, magamot lamang sila. “Ginawa kong klinika ang bahay ko noon,” sabi niyang nakangiti, “ngunit ibinenta ko rin upang maipatayo ang ospital na ito. Ito na ngayon ang tahanan ko.”

Manggagamot ng mga bata si Doktora Fe. Tinatawag siyang isang pe-di-a-tri-cian. “Pero alam mo bang imbentor din si Doktora, Ate?” sabi sa akin ni Nanay habang naghahapunan kami. “Lumikha siya ng makinang gawa sa kawayan na makatutulong sa mga sanggol na may komplikasyon, lalo na yung mahihirap na nakatira sa liblib na lugar. Tinawag itong bamboo incubator, at gumagana ito kahit walang kuryente! Hindi ba’t napakahusay!”

Naisip ko tuloy na, marahil, ako rin ay makaiimbento ng ganoon para kay Marie – isang makinang makatutulong sa kanyang makapagsalita. Marahil magmukha itong higanteng torotot. Sa tuwing hihipan ito ni Marie, lalabas ang magagandang salitang tulad ng makulay na confetti.

Nang magkita kaming muli ni Doktora para sa pagpapatingin ni Marie, ikinuwento ko sa kaniya ang aking mahiwagang makinang nakapagpapasalita. Sobra siyang natawa, na kinailangan niyang pahirin ang luha sa kaniyang salamin. “Ate, magaling kang kuwentista! Dapat ibahagi mo rin ang mga kuwento mo kay Marie,” sabi niya, “makatutulong kung palagi mo siyang kakausapin.” Napakamot na lamang ako sa ulo sabay ismid. “Pero hindi po siya nakapagsasalita,” pagmamaktol ko, “kakaiba po siya.”

Inilabas ni Doktora ang kanyang stethoscope saka inilagay ito sa aking tainga. Inilapat naman niya ang kabilang dulo nito sa aking dibdib. Narinig ko ang tibok ng aking puso na “lub dub, lub-dub, lub-dub.” Pagkatapos, itinatapat naman niya ito sa dibdib ni Marie. Narinig ko rin ang tibok ng kanyang puso na “lub-dub, lub-dub, lub-dub.” Magkatunog ang aming mga lub dub. “O, nakita mo na!” bulalas ni Doktora, “Marahil magkaiba kayo sa panlabas na anyo ngunit sa loob...magkapareho kayo.”

Tama nga si Doktora. Habang tumatagal na magkasama kami ni Marie, lalo kong napagtatantong magkapareho nga kami. Pareho naming paboritong almusal ang pandesal at sardinas. Pareho rin kaming tumakbo. Parehas din kami ng tawa. Pareho rin kami ng posisyon kapag natutulog – nakabaluktot na parang hipon.

Gaya ng ipinayo ni Doktora, inihehele ko gabi-gabi si Marie gamit ang mga imbento kong kuwento na may mga imbentong tauhan gaya ng duwende na may sumbrerong gumamela o ang kulay lilang higanteng masikip ang pantalon. Ngunit madalas, ikinukuwento ko ang mga paglalakbay ni Doktora.

“Minsan, ginawang klinika ni Doktora ang isang puno,” kuwento ko kay Marie isang gabi. “Gamit ang maliit niyang flashlight at stethoscope, tumitingin siya ng mga batang pasyente sa lilim ng puno dahil walang malapit na ospital.” Napangiti si Marie. At napansin ko ring pareho kami ng ngiti.

“Ate! Ate!”

Patungo na ako sa aming bakuran nang marinig ko ang tinig na tumatawag sa akin: “Ate! Ate!” Lumingon ako’t nakitang kumakaway sa akin si Marie. “Ate!” nakangiti niyang sabi. Iyon ang pinakamagandang salitang narinig ko kailanman. Naramdaman ko ang puso kong nagsasabi ng “lubdub-lubdub-lubdub!” Nagtatakbo ako sa loob ng bahay, pumapalakpak at sumisigaw ng “Nagsasalita na si Marie! Nagsasalita na si Marie!” Nagmamadaling bumaba sina Nanay at Tatay upang marinig si Marie na magsalita.

“Ate!” muli niyang sinabi. Ang pangalan ko ang unang salitang kaniyang binigkas. Halos sumabog ang puso--sobra kong saya!

Kinabukasan, nagtungo kami kay Doktora Fe upang sabihin ang mabuting balita. “Nagsasalita na po si Marie!” Niyakap ko si Doktora, “Pinagaling n’yo po siya!” “Hindi, Ate,” bulong niya, “ikaw ang nagpagaling sa kaniya.” “Ako po?” pagtataka ko. “Ang mga nakabibighani mong kuwento ang nagpagaling sa kanya,” nakangiting sabi ni Doktora, “sa tingin ko’y magiging magaling kang doktor balang araw.” Kinuha niya ang kanyang stethoscope at isinabit ito sa aking leeg na parang medalya.

Habang binabagtas namin ang pasilyo, itinuro ni Marie ang larawang nakapaskil sa pader. “Siya nga, Marie,” sabi ni Nanay, “siya si Doktora Fe.” Nakangiti kong pinagmamasdan ang bawat larawan. “May mabuti po siyang puso,” sabi ko. At hindi ko kailangan ng stethoscope para patunayan ito.

Pinagkubanan: Lub-dub, Lub-dub. Salin sa Filipino ni Joanah Pauline L. Macatangay. Oribinal na isinulat ni Russell Molina. The Bookmark, Inc. 2008.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow’s Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The Light of The Fly
The Snail and The Deer
Why Dogs Wag Their Tails

Mga Kuwentong Pampasko:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa

Adarna House:

Bakit Matagal ang Sundo ko?
Why is Mommy Late?
Asul na Araw
Blue Day
Ano’ng Gupit Natin Ngayon?
How would you like your haircut today?
Sampung Magkakaibigan
Ten Friends
Ang Pambihirang Sombrero
The Amazing Hat

Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes
(Anvil Publishing)

Ang Pitong Tanga
Rosamistica
Ang Mahiwagang Biyulin
Ang Binibining Tumalo sa Hari
Labindalawang Masasayang Prinsesa

Tabanan Books

Ang Babaeng Nabulog Mula sa Langit at Iba Pang
Kuwentong-bayan
Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo
The Termite Queen and other Classic Philippine Earth
Tales
Volcano of Love and Death

Ang Mga Kuwento ng Makabagong Bayani/
Modern Hero Stories
(The Bookmark, Inc.)

Edjop: Isang Anak ng Sigwa
Lub-dub, lub-dub (Salin sa Filipino)
Made Perfect in Weakness
The Public's Servant

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo
Ricardo Abad

Executive Producers

D Cortezano

Producer

John Robert Yam

Overall Sound Designer

Harold André Santos

Theme Music Composer

John Robert Yam

Episode Sound Designer

John Robert Yam
Nilo Beriarmente

Sound Engineers

Ivy Baggao

Talent Coordinator and Production
Associate

Jethro Nibaten
Adrienne Ungriano
Rey Sotto
Duane Ligot
Ralph Joseph Adarlo
Carlos Hombrebueno

Sound Design and Technical Team

Arielle Acosta
Vannessa Reventar

Logistical Support

Ross Du

Illustrator

Arielle Acosta
Lazir Caluya

Brand Developers

Dreamlist Digital

Web developers

Ateneo de Manila Basic Education

Ateneo Grade School

Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ. *Headmaster*

Jervy M. Robles *Assistant Headmaster for Academic Affairs*

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador *Principal*

Genalyn S. Sanvictores *Assistant Principal for Academic Affairs*

Paolo Ven B. Paculan *Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*

Joanah Pauline L. Macatangay *Filipino Teacher (Translator)*

Elizabeth S. Alindogan *Associate Teacher, Filipino (Voice Actor for the Episode)*

Kristine Ann P. Valdellon *Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta *Principal*

Luis Allan B. Melosantos *Assistant Principal for Academic Affairs*